大阪府

# Alamin ang ukol sa tuberculosis (TB)

（タガログ語）



Pagkakaroon ng lagnat




Matamlay ang katawan




Walang ganang kumain
Gumaan ang timbang

## Wala ka bang ganitong sintomas?




Masakit, parang naninikip ang dibdib





Patuloy ang ubo





May plema

# Paano nahahawa sa TB?

Ang TB ay sakit kung saan pangunahing namamaga ang baga sanhi ng ***tubercle bacillus*** (bakterya ng TB). Sa pag-ubo at iba pa ng taong may malubhang sakit ng TB, kumakalat ang bakterya ng TB at sa paglanghap ng tao sa paligid, **nahahawa** sila. Subalit, kahit nahawa sa TB, hindi ibig sabihing susulong ang sakit, karaniwang nasusugpo ang pagdami ng bakterya ng TB sa pamamagitan ng lakas ng ***immunity***. Kapag hindi na kayang masugpo ng lakas ng ***immunity*** ang pagdami ng bakterya ng TB, **susulong** ang sakit na TB.



# Kapag nahawa, sigurado bang susulong ang sakit?




# Madaling sumulong ang sakit sa mga ganitong tao


Madaling sumulong ang sakit na TB kasabay ng paghina ng *immunity*. Kailangang mag-ingat ang mga sanggol at matatandang mahina ang *immunity*. At napag-alaman din mula sa datos na mataas ang panganib na sumulong ang sakit dahil mahina ang *immunity* ng mga taong may sakit kaugnay sa pamumuhay tulad ng diabetes, taong tinanggalan ng bahagi o buong tiyan, at taong nagpapagamot ng cancer.



sanggol



matatanda



taong mahina ang *immunity*

**Mag-ingat sa paghina ng *immunity*!**


Kailangang mag-ingat ng mga

- may karamdamang mahirap lunasan
  (lalo na ang huminto sa pagpapagamot)
- taong mahina ang pangangatawan
- taong nagkaroon ng malaking operasyon
- taong umiinom ng gamot na may *steroid* o gamot na panlaban sa cancer
- taong masama ang kalagayan ng nutrisyon
- taong nahawa sa HIV atbp.




# Paraan ng Pagsusuring kaugnay sa TB

## Pagsusuri upang malaman kung nahawa



### Pagsusuri ng reaksyon sa *tuberculin*


Namumula ang balat ng taong nahawaan ng bakterya ng TB o taong nagpabakuna ng BCG.



### Pagsusuri ng dugo

Aalamin kung nahawaan ng TB. Walang epekto ang pagpabakuna ng BCG.

## Pagsusuri upang malaman kung sumulong ang sakit




### Pagsusuri ng X-ray ng dibdib

Titingnan kung may diperensya sa loob ng baga. TB sa baga ang karamihan ng kaso ng TB.

# Kapag na-diagnose na "TB"

Ano ang naiisip kapag narinig na "TB" ?

**Sa kasalukuyan, kapag maaga at tiyak ang pagpapagamot, ganap na nalulunasan ang sakit na ito.**



Kung makakita ng bakterya ng TB sa pagsusuri ng plema, sisimulan ang pagpapaospital para magpagamot.
Mga 2~3 buwan ang karaniwang panahon ng pagpapaospital.





Kung hindi makakita ng bakterya ng TB sa pagsusuri ng plema, at makitang magaan ang kalagayan, maaaring pumunta-punta sa ospital para magpagamot.
At kahit sa taong nagsimulang magpaospital para magpagamot, kapag hindi na makakita ng bakterya ng TB, papaltan ang pagpapagamot sa pagpunta-punta sa ospital.

## May tulong sa gastusing medikal para sa pagpapagamot

# Mag-ingat sa ganitong pagkakataon


## • Kailangang pag-ingatan sa pang-araw-araw na pamumuhay •




Balanseng pagkain



Huwag manigarilyo



Matulog nang sapat na oras




Huwag mag-ipon ng pagod




Angkop na ehersisyo



Magkaroon ng paraan ng pagtanggal ng stress

## • Punto sa pagpapagamot •




Kapag nagpatuloy ang ubo nang 2 linggo o higit pa rito, magpatingin kaagad

(pagpapatingin kapag tumagal ang sintomas ng sipon)



Magpasuri ng X-ray ng dibdib nang 1 beses sa 1 taon!



Siguraduhin ang pagpapabakuna (BCG) ng sanggol

**Kapag nakatagpo ng may sakit na TB sa paligid...**

Sa health center, inaalam mula sa maysakit ang kalagayan ng pang-araw-araw na pamumuhay. Mula sa pagtatanong na ito, magbibigay ng patnubay ukol sa pagsusuri ng kalusugan para sa nangangailangan ng pagsusuri ng kalusugan. Siguraduhing magpasuri kapag binigyan ng patnubay ukol sa pagsusuri ng kalusugan!

# Tungkulin ng Health Center

**Sa mga health center sa Japan, alinsunod sa ulat ng doktor, bumibisita ang namamahalang health officer at nagbibigay ng nauukol na payo sa pasyente.**




## Sa health center...

- Tutulong para sa wastong kaalaman ukol sa sakit at upang gumaling pagkatapos ng regular na pagpapagamot.
- Tutulong upang maintindihan nang wasto ng mga tao sa paligid.
- Tutulong upang magpasuri ng kalusugan ang mga taong nagkaroon ng ugnayan sa taong may TB, matuklasan ang maysakit na TB at nahawa sa TB, at mapangalagaan mula sa TB ang mga tao sa paligid.

・Maaaring makakuha ng impormasyon at magkonsulta sa health center ukol sa TB.

・Sa health center, pangangalagaan ang iyong lihim.

・Walang bayad ang paggamit ng health center.



Ang health officer na namamahala sa iyong tinitirahang lugar

________________ Health Center

Telepono

Address

Namamahalang health officer


大阪府　健康医療部
Health Outcomes Division, Osaka Prefectural Government
〒540-8570　大阪市中央区大手前 2-1-22
2-1-22 Otemae Chuo-Ku Osaka 540-8570, Japan



この冊子は 2700 部作成し、1 冊あたりの単価は 724 円です。